IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

# Antas sa Kasanayan ng mga Mag–aaral sa Makrong Pagsulat Batayan sa Asignaturang Filipino

**EVA MAE O. SELIM**
Department of Education
Kanim National High School
evamaeolavides2020@gmail.com

**ANGELICA F. SANTOS**
Jose Rizal Memorial State University- Katipunan Campus
angelicasantos@jrmsu.edu.ph

**GEMMA S. OROSCA**
Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Capus
gemmaorosca@jrmsu.edu.ph

*Abstrak* — Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang antas sa kasanayan ng mga respondete sa makrong pasulat gamit ang wikang Filipino ng mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral sa Zamboanga del Norte National High School, Main Campus sa Taong Punuruan 2024–2025.

Ginamit ang kwantitatibong pamamaran sa pananaliksik sa tulong ng surbey-kwestyuner upang makakuha ng sapat na impomasyon na kinakailangan sa pananaliksik na ito. Ginamit ang percentage computation, weighted mean at Computed U Value upang masukat at mabigyang-interpretasyon ang mga datos na nalikom.

Batay sa nalikom na mga datos, napatunayan na ang mga respondente ay di gaanong sanay sa mekanismo sa pagsulat gamit ang wikang Filipino. Patunay lamang na ang mga respondente ay lubos na nangangailangan ng mga gabay mula sa mga guro na mapaangat ang kanilang pagkatuto upang ganap na mapaunlad ang kanilang sariling kakayahan. Ang mga natuklasan ay dala na rin sa resulta ng pandemya na kawalan ng personal na ugnayan ng mga guro at mag-aaral sa paglinang ng kasanayan at tanging sa modyul lamang na pamamaraan ang tanging paraan sap ag-aaral. Inirerekomenda na ang Kagawaran ng Edukasyon ay maglunsad ng panibagong pagtingin sa kanilang Kurikulum na Gabay upang mapaigting ang kalidad na edukasyon. Padaluhin ang mga guro sa iba't ibang pagsasanay na nakaangkla sa bagong normal na pamamaraan upang maayos na maturuan ang mga mag-aaral lalo na sa usaping pangwika, gramatika at iba pang disiplina sa wikang Filipino.

***Keywords* — *Antas sa Kasanayan,Pagkatuto, Makrong Pagsulat, Wikang Filipino***

## I. Introduksiyon

Sa mapanghamong panahon dulot ng pangkalusugang krisis na sanhi ng Covod 19, maraming pagbabago ang kailangang gawin at yakapin na karaniwang naiiba sa dating nakasanayan Dones (2018). Sa lahat ng aspeto nagkaroon ng pagbabago, isa na rito ang estadong pang – akademya dahil sa pag-implementa ng gobyerno ng new normal na kalakaran sa pagtuturo

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

at pagkatuto. Kabilang na rito ang mga makrong pangkomunikasyon at isa na ang pagsulat na kaakibat sa paglinang ng kanilang kasanayan sa loob sana ng paaralan

Binanggit sa pag-aaral ni Vismanos R. (2021), isa sa mga kinakaharap na problema ng mga guro sa panahon ngayon ay kung paano malinang ang kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa gitna ng krisis. May mga mag-aaral na nakikita na lang ang modyul sa gawaing "dapat sagutan" sa halip na dapat aralin. Kaya, nagbibigay ang guro ng mga karagdagang gawain na itinuturing mga suportang kagamitan ng mga mag-aaral upang mas lalo pang malinang ang kanilang kasanayan. Kabilang rito ang pag-uupload ng mga powerpoint presentation, video clip sa group chat at group page na kinakailangang basahin ng mga mag-aaral at pag-aralan upang masagutan nila nang buong husay ang ibinibigay na mga gabay na tanong na nakabatay sa binuong Ugnayang Tanong-Sagot (UTS/QAR sa Ingles). Subalit, sa pagbabalik ng personal na ugnayan ng mga mag – aaral at guro, kakikitaan na ng mga guro ang kanilang mga mag – aarla ng kakulangan sa epektibong pagsulat.

Naniniwala ang mananaliksik na ang ganitong uri ng pananaliksik ay isang malaking tulong sa pagdaragdag ng kaalaman at bilang gabay na rin sa iba pang mag – aaral para mabigyang halaga ang kahandaan ng mga mag – aaral sa makrong pagsulat kahit pa man nasa kasagsagan pa ng pandemya. Dagdag pa, isa rin itong paraan upang mabigyang pansin ang kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayan ng pagsulat gamit ang wikang Filipino.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**Ang Ugnayan ng Wika sa Makrong Pasulat**

Ang pagsusulat ay isang paglalarawan ng wika sa tekstuwal na paggamit ng isang pangkat ng mga tanda o sagisag, kilala bilang sistema ng pagsulat, pinatunayan ito ni Peter T. Daniels (2016), sa kanyang pahayag na ang pagsulat ay isang sistema ng humigit-kumulang na permanenteng panandang ginagamit upang kumakatawan sa isang pahayag kung saan maaari itong muling makuha nang walang interbensyon ng nagsasalita.

Binaggit ni Salomone (2015), may tatlong hakbang ang proseso ng pagsulat. Una, "Pre-writing Stage", saklaw ng hakbang na ito ang mga pagplaplano bago magsulat kabilang dito ang paghahanap ng paksa at pangangalap ng informasyon. Pangalawa, "Wring Stage", dito magaganap ang aktwal na pagsusulat, ang mga kaisipan at saloobin tungkol sa paksa ay malayang naipapahayag sa bahaging ito. Pangatlo, "Re-writing Stage", ang bahaging ito ay binubuo ng mga gawaing revisyon at pagwawasto.

Ayon naman kay Tumangan (1997), "Ang pagsulat ay isang paraan ng pagpapahayag ng pag-iisip at damdamin ng isang tao sa pamamagitan ng mga simbolo ng mga tunog ng salita." Ito ay ang paghahatid ng mensahe mula sa isang tao tungo sa iba.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Kasanayan ng mga Mag – aaral sa Makrong Pagsulat**

Pinakamahirap sa lahat ng kasanayan ang pagsulat may mga pamantayang dapat sundin. Kailangan ang kaisahan, kaugnayan, kawilihan at wastong pagbigay-diin sa pahayag. Kailangang malinaw, makatwiran at maayos ang pagkakasunud-sunod ng kaisipan. Kailangang maingat ang susulat sapagkat ang anumang kamalian ay nakikita ng bumabasa. Napakahalaga ang pagsusulat lalong-lalo na sa mga mag-aaral sa pagtataya at pagsulong ng wika. Sa mga mag-aaral ay mahalaga ito lalong-lalo na sa pagsagot sa mga pagsusulit na pagsasanay, pagbibigay ng ulat, pagtatala ng mga resulta ng mga eksperimentasyon at lalong-lalo na sa bagong kurikulum ng edukasyonang paglikha ng mga papel tulad ng pananaliksik na magiging bahagi o susi sa ating tagumpay.

Isang prosesong sosyal ang pagsulat,ang bunga ng interaksyong proseso ng mag-aaral at produkto sa sosyo-kultural na konteksto na nakaaapekto sa pagkatuto, (Lalunio, 2014). Patunay lamang din na ang kasanayan ng mga mag – aaral ay isang representasyon ng kanilang kabuuang pagkatuto sa loob ng klase. Malinaw na nakasaad at ang pagsulat ang itinuturing na produkto sa pagkatuto. Lantad naman sa lahat ng talakayan, Malaki ang bahagdang inilaan sa pagbibigay ng marka ang ganitong uri ng kasanayan. Sa katunayan, lahat ng major eksaminisayon ay isinagawa sa paraang pagsulat. Kaya naman, ang kasanyang taglay ng mga mag – aaral ay tunay na naglalarawan ng kanilang kaalamang nakukuha sa paglinang ng akademikong kalagayan.

Sa proseo ng paglinang ng kasanayan ng mga mag – aaral, kakikitaan ng mananaliksik ng tamang gabay at kaelnagn rin ng ilang mga patnubay na gawain upang ganap na masunod ang tunguhin ng talakayan o aralin. Sa loob ng klase, makikita ang taglay na kahusayan at maging ang kanilang kakulangan sa kasanayan ng makrong pagsulat, lalo na sa tamang baybay, kaangkupan sa paggamit ng bantas, pag – uugnay ng mga ideya at maging ang prosesong gramatika. Kakikitaan ang mga mag – aaral ng karagdagang kaalaman upang ganap na matagumpayan ang kahusayan sa pagsusulat ng iba’t ibang disiplina.

## II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Deskriptibong pamamaraan sa tulong ng talatanungan na nasa kwantitatibong uri ng pananaliksik. Tatangkaing ilarawan at susuriin sa pag-aaral na ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang wikang Filipino., taong-panuruan 2024-2025 ng mga piling mag-aaral sa Zamboanga del Norte National High School Main Campus . Gagamitin rin na metodo ang sequential mixed method bilang pagpapatibay sa resulta ng pag – aaral. Malaki ang ambag nito sa pagpapalutang ng angkop na resulta upang makita ang kakulangan ng mga mag – aaral na nararapat matutugunan ng mga kinauukulan. Ang kanilang ressulta ang batayan sa pagbuo ng inobatibong kagamitang pampagtuturo na maging gabay nila sa paglinang ng kanilang kasanayan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Kaligiran ng Pag - aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Zamboanga del Norte National High School sa taong panuruan 2024 – 2025. Nilimitahan lamang ang bilang ng mga respondente dahil sa kasagsagan ng pandemya at kung sino lamang ang tumugon ay siya ring bahagi ng pag-aaral. Dito isinagawa ang pag-aaral dahil ito ang paaralan na malapit lamang sa mga mananaliksik at Madali lamang ang pag-akses ng mga respondente. Bukod pa rito, nakikita at naoobserbahan ng mga ananaliksik na ang mga mag-aaral sa nasabing paaralan ay nahihirapan pagdating sa paggamit ng wikang Filipino lalo na sa usaping pagsulat. Isa sa naging dahilan nito ay ang pagdagsa ng pandemya na biglang nagbago ang takbo ng pag-aaral. Kaakibat rin nito pagkahumaling rin ng mga mag-aaral sa iba't ibang social media platforms dahil ang lugar ng naturang paaralan ay may malakas na akses din sa internet dahil ito ang nagsisilbing bahagi sa kabisera ng Zamboanga del Norte. Kaya naman, mainam na masuri ang kanilang taglay na kasanayan sa pagsulat gamit ang wikang Filipino upang masipat ang taglay nilang kakayahan nang malapatan ng angkop na solusyon. Sa pag – aaral na ito masusing dinalumat ang anumang kakulangan ng mga mag – aaral sa pagsulat ng iba't ibang disiplina na produkto sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

**Respondente ng Pag - aaral**

Ang respondente ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa piling mag-aaral ng Zamboanga del Norte National High School Main Campusa sa taong panuruan 2024 – 2025. Sila ang sakop ng pag – aaral dahil nakitaan ng mananaliksik na ang kanyang mga mgag – aarl ay may taglay na kakulangan sa pagbuo ng iba't ibang uri ng sulatin. Ang kahinaan sa kasanyan ng mga mag – aaral ang nagtulak ng mga mananliksik na pag – aralan ito upang maging gabay sa pagpapabago ng proseso sa pagtuturo na iaangkop sa kawilihan ng mga mag – aaral. Sa ganitong kalagayan, matutugunan ang kanilang kamangmangan at maging ang kanilang kakulangan sa gawaing pagsusulat.

Isang baitang lamang ang naging sakop sa pag – aaral at ito ay ang Grade 8 lamang. Mahigpit na nilimitahan ang naging respondente sa dahilang may maikling panahon lamang ang iginugol dito at dal ana rin sab anta ng pandemya. Sa ganitong sitwasyon, mapadali at magiging magaan ang daloy ng pagkalap ng mga respondete.

**Mga Instrumento ng Pananaliksik**

Masinop na binuo ang Surbey Kwestyuner kalakip ang Rubriks bilang gabay sa pagsukat ng kasanayan ng mga respondente. Ang mga kahingian ay ipinatala sa mga piling mag – aaral na nasa baitang 8. Ang unang bahagi ag talatanungan ay ang demograpikong propayl ng mga respondente. Ang mga gawain sa ikalawang bahagi naman ay nahahti sa tatlo: ang una ay ang paglatag ng kanilang sariling konsepto tungkol sa edukasyon sa estado ng pandemya. Ang ikalawang bahagi, sa pamamgitan ng pamaksang pangungusap ito ang magiging hanguan nila sa pagbuo ng kanilang kaisipan. Samantala ang ikatlong gawain ang paglikha ng maikling tula para sa kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng mga gawaing nabanggit natukoy ang taglay na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kasanayan sa pagsulat ng ibat ibang mekanismo nito na sinuri ayon sa wastong baybay, wastong paggamit ng mga bantas, kaangkupan sa pagamit ng mga salita at kaisahan ng diwa. Sa pamamagitan ng mga nabanggit na indekeytor, nakilatis ang kasanyan nila sa makrong pagsulat. Ang panghuling bahagi ay ang kanilang paganap sa proseso ng pagsulat ng isang sanaysay, gamit ang rubriks bilang sukatan sa kanilang kasanayan upang ganap na masuri ang kanilang kahusayan sa wikang Filipino.

## III. Mga Natuklasan

Mapapansin sa talahanayan 1 ang propayl ng respondente ayon sa edad. Makikita dito na may pinakamataas na bilang ang edad mula 15-17 taong gulang na may 70% at walang respondente na tumugon na may edad 20 pataas. Ibig sabihin nito na ang mga respondente ay nasa tamang edad ng kanilang pag – aaral. Pinagtibay ang resultang ito sa pag – aaral ni Tobias (2019), layunin sa pag-aaral na ito na ilahad ang edad at aspeto ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kognitibong kakayahan ang edad ng mga mag-aaral ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa kahit anong larangan.

**Talahanayan 1 Propayl ng Respondente ayon sa Edad**

| **Edad Bracket** | **Respondente** | |
|---|---|---|
| | **F** | **Bahagdan** |
| 15 – 17 taong gulang | 15 | 70 % |
| 18 – 19 taong gulang | 5 | 30 % |
| 20 taong gulang pataas | 0 | 0 |
| **Kabuuan** | **20** | **100 %** |

Sa talahanayan 2 naman ay malinaw na makikita ang propayl ng mga respondente ayon sa kasarian. Mula sa inilatag na resulta, makikita na ang may pinakamataas na bilang ay mga babae na may 70% kaysa mga lalaki na may 30% lamang. Ito ay nagpapahiwatig na mas maraming mag – aaral na nasa seksyon Bonifacio ay mga babae kaysa mga lalaki. Kaugnay nito, mula sap ag – aaral ni Torres (2017) ang kasarian ng mga mag-aaral ay isang salik upang malaman ang kanilang kayang ipakita ang kasarian ay iba sa pag-uugali, personalidad, inaasahan ng guro, at behabyor kung saan mula sa resulta mas madaling makiramdam ang mga babae kaysa mga lalaki.

**Talahanayan 2 Propayl ng Respondente ayon sa Kasarian**

| **Kasarian** | **Respondente** | |
|---|---|---|
| | **F** | **Bahagdan** |
| Lalaki | 5 | 30 % |
| Babae | 15 | 70 % |
| Kabuuan | 20 | 100 % |

Malinaw na makikita sa Talahanayan 3 ang Antas ng Kasanayan sa ng Wikang Filipino ng mga respondente. Makikita sa antas ng paggamit ng bantas na ang mga respondente ay may 1.77 na mean na na may deskriptibong pagpapakahulugan na walang kasanyan. Representasyon ito na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ang mga respondente ay kawalan ng sapat na kaalaman sa mekanismo ng pagsulat lalo na sa paggamit ng bantas na kasanayan sa pagsulat ng mga salita ayon sa tamang pagbabantas. Ang resultang ito ay isang hamon ng mga guro sa Filipino na kailangan matugunan at nang mabigyan ng angko na pangangailangan tungo sa paglinang ng kanilang kasanyan.

Samantala, sa pagbayabay ang mga respondente ay nakakuha ng 1.83 na mean na nanganghulugang kulang ng kasanyan sa pagbabaybay. Patunay lamang ito na hindi pa masyadong alam ng mga respondete ang iba pang mga konsiderasyon tungo sa komprehensibong pagsusulat. Dala rin ng pangkalusugang krisi na kawalan ng ugnayan nila sa mga guro kaya isa rin itong dahilan sa paghina at pagbagal ng kanilang pagkatuto. Isa rin sa naging dahilan na ang mga respondente ay nakatira sa medyo malayo sa kabihasnan kung kaya hindi gaanong makapag – akses ng internet dahil na rin sa kawalan ng signal. Ang teknolohiya ay isang paraan para matuto ang mga mag – aaral, subalit dahil sa kawalan din ng signal kung kaya nakaasa lamang sila sa kanilang mga guro upang matututo.

Sa kabuuan ang mga respondente ay  walang kaalaman sa Makrong Pasulat ayon sa mekanismo nito na may kabuuang mean na 1.80. Kaya naman, mula sa kanilang mga awtput kakikitaan naman talaga ng kabagalan at kawalan pa ng kahandaan sa epektibong pagsulat. Isa itong katotohanan na dapat maaksyunan kaagad. Nangangailangan ito ng agarang solusyon uang maagapan ang taglay na kamangmangan. Ang mga natuklasan ay isang pasanin at malaking hamon ng mga guro, administrasyon ng Kagawaran ng Edukasyon na nararapat pagtuunan ng pansin. Dahil ang mga guro ang pangalawang magulang, nasa kamay nila ang pagkatuto ng mga mag – aaral. Sa ganitong sitwasyon, , kinakailangan  itong paunlarin upang mapagbuti at maingat ang kanilang kalidad na pagkatuto hindi lamang sa makrong pagsusulat kundi maging sa lahat ng disiplina sa usaping pangkomunikasyon.

Ang pag-aaral na ito ay kaugnay sa adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon na nakaangkla sa gabay na kurikulum ng Edukasyong Sekondarya (2010), na “Process Approach”, ay upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay nagagabayan at nalilinang ang kakayahan sa pagsulat na napakahalaga sa pagkakamit ng pang-akademikong pagganap. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) kahusayan sa pag-unawa at pagpapahalagang literari ng mga mga-aaral sa antas ng sekondarya. Ang reulta ng pananaliksik na ito ay maihahambing sa pag – aaral ni Bajalla (2019) hinggil sa Kasanayan  ng mga Mag – aaral sa  Pribadong Paaralan tungkol sa Makrong  Pagsulat. Lumabas sa kanyang pag – aaral na ang mga mag – aaral sa pribadong paaralan ay nakakuha ng kabuuang mean na 2.53 na nangangahulugang kulang ng kasanyan sa makrong pasulat gamit ang wikang Filipino. Nangangahulugan lamang na ang mga mag – aaral sa pribadong paaralan ay may kakulangan sa pagtangkilik ng wikang Filipino kumpra sa pampublikong paaral na may kasanayan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3 Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Wikang Filipino**

| Kasanayan sa Pagsulat ng Wikang Filipino | Respondente | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **G1** | **G2** | **G3** | **Mean** | **Deskripsyon** |
| Baybay | 1.83 | 1.85 | 1.81 | 1.83 | Kulang ng Kasanayan |
| Bantas | 1.78 | 1.72 | 1.81 | 1.77 | Walang Kasanayan |
| Pagkakaugnay ng mga Ideya | 1.83 | 1.75 | 1.82 | 1.80 | Walang Kasanayan |
| Tamang Gamit ng mga Salita | 1.79 | 1.82 | 1.76 | 1.79 | Walang Kasanyan |
| Nilalaman | 1.85 | 1.80 | 1.79 | 1.81 | Kulang ng Kasanayan |
| Grand Mean | 3.48 | 3.48 | 3.66 | 1.80 | Walang Kasanayan |

Batay sa datos na lumabas na makikita sa Talahanayan 4 na nasa itaas, mayroong makabuluhang pagkakaiba ng Demograpikong propayl ng mga respondente at kasanayan nila sa pagsulat gamit ang wikang Filipino. Lumabas sap ag – aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang edad at kasarian ng mga respondente sa kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa paraang pagsusulat. Nagpapahiwatig lamang na kahit sino ay may taglay na kasanayan at ito ay natatangi na nakadepende na rin sa pansariling pagkatuto.

**Talahanayan 4: Makabuluhang Pagkakaiba ng Demograpikong Propayl ng mga Respondente at Kasanayan sa Makrong Pagsulat Gamit ang Wikang Filipino**

| FACTORS COMPARED | **Kasanayan ng mga Respondente sa Makrong Pagsulat** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| RESPONDENTS PROFILE | | Df | TV | Computed ($x^2$) | Intepretation | Action |
| Kasarian | 0.05 | 2.0 | 5.991 | 11.036 | Significant Difference | $H_o$ was rejected |
| Edad | 0.05 | 3.0 | 7.815 | 13.663 | Significant Difference | $H_o$ was rejected |

## IV. Konklusyon

Mula sa mga nailatag na resulta, ang mga mag –aaral ay may kakulangan sa paglinang ng kanilang kasanayan gamit ang wikang Filipino. Indikasyon lamang ito na kailangan ng mga guro ng nasabing paaralan ang pagpokuss a kasnayang taglay ng mga mag – aaral. Maghanap ang mga guro ng alternatibong dulog, teknik, estratehiya o pamamaraan upang mabigyan ng kawilihan ang kanilang mga mag – aaral sa kanilang pag – aaral at nang matuto. Isa itong napakalaking hamon para sa mga guro at ng Kagawaran ng Edukasyon na hindi dapat palampasin. Ang agarang pagtugon sa mga natuklasin ay lubos na kailangan dahil ito ay nakababahala. Ang gabay at patnubay mula sa mga guro ay lubhang kailangan sa paglinang ng kanilang kasanayan tungo sa iba't ibang disiplina.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## References


[1] Abesamis, R. N., Angeles, C. I., Babasoro, R. P., Bulaong, C. J., Quijano, R. ML., Salvador, S. J., Suratos, M. M., Tuazon, Q. MN., Villanueva, M. J., (2006). Komunikasyon sa Akademikong Filipino (p 316-317). 6 Baltazar St., Pacheco Village, Balubara, Valenzuela City: Mutya Publishing.

[2] Atienza, L. O., Sauco, P. C., Allarde, E. C., Gabriel, C. C., (1984). Pandalubhasang sining ng komunikasyon (p.4). University of the East.

[3] Badayos, B. P., (1999). Ang pagsusulat ay isang kontinium na mga gawain sa pagitan ng mekanial o pormal na aspektong pagsulat. https://www.google.com/search?aq=f&sourceid=chrome&ie=UTF8&q=badayos+1999&gws_rd=ssl#spf=1606909221357

[4] Bernales., (2001). Ang pagsulat ay pagsasalin sa papel ng anumang kasangkapang ginagamit na mapagsalinan ngmga nabuong salita. Simbolo at ilustrasyon ng isang tao o mga layuning maipahayag ang nasa kanyang isipan. https://www.coursehero.com/file/p2oumte/Pagsulat-Ayon-kay-Bernales-et-al-2001-ang-pag-sulat-ay-ang-pagsasalin-sa-papel/

[5] Buenaventura, S., (2012). Ang wika ay isang larawang binibigkas at isinusulat. https://www.coursehero.com/file/p4v1fhn/Ayon-kay-San-Buenaventura-1985-Ang-wika-ay isang-larawang-binibigkas-at/

[6] Daniels, T. P., (2016). Ang pagsulat ay isang paglalarawan ng wika sa tekstuwal na paggamit ng isang pangkat ng mga tanda o sagisag, kilala bilang sistema ng pagsulat. https://web.facebook.com/AsWriFiles/posts/proseso-ng-pagsulati-kahulugan-ng-pagsusulatayon-kay-peter-t-daniels-ito-ay-isan/1900627140176214/?_rdc=1&_rdr

[7] Espina, D. L., Plasencia, R. N., Ramos, R. V., (2007). Modyul ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino (p 197-198). 61 Muralla St., Intramuros, Manila: Mindshapers Co.

[8] Gleason,

[9] Hugney, et al., (1983). Nakatutulong ang pagsulat sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pag-iisip at paglutas ng suliranin. https://www.google.com/search?q=hugney+et+al+1983+ang+pagsulat&tbm=isch&ved=2ahUKEwiY6qvF69jrAhVE15QKHZ9YDagQ2

[10] Lazaro., (2014). Ang makrong kasanayang pagsulat ay ang paraan ng pagsasalin ng mg letra o salita sa simbolong pasulat. https://www.google.com/search?ei=ix5XX6_7FYSwmAW1oTgAg&q=lazaro+2004+ang+makrong+kasanayang+pagsulat&oq=lazaro+2004+ang+makrong+kasanayang+pagsulat&gs_lcp

[11] Lee, J., (2015). Ang mahusay na gramatika ay mahalaga sa pagsasalita ng wika. https://www.google.com/search?sourceid=chrome&ie=UTF8&q=j.+lee+2015+ang+mahusay+na+gramatika&gws_rd=ssl#spf=1599543627184

[12] Mabilin, E., (2012). Ang pagsulat ay isang pagpapahayag ng kaalamang kailanman ay hindi maglalaho sa isispan ng bumabasa. https://yramenna77.wordpress.com/2012/11/18/proseso-ng-pagsulat/.

[13] River., (1975). Ang pagsusulat ay isang gawaing nag-uugat mula sa pagtamo ng kasanayang (skill-getting) hanggang sa mga kasanayang ito ay aktwal na magagamit (skill using). https://www.scribd.com/doc/176513501/Kasanayan-Sa-Pagsulat.

[14] Strunk. W., White, E. B., (2010). Ang pagsulat ang bumubuhay at humuhubog sa kaganapan ng pagiging tao.


Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

https://www.google.com/search?source=univ&tbm=isch&q=william+strunk,+E.B+White+ang+pagsulat&sa=X&ved=2ahUKEwiHyv6869jrAhVDNKYKHT5TCiMQsAR6BAgKEAE&biw=939&bih=562

[15] Sunga-Tanawan, D., Moratilla-Recorba, F., Arabejo-Nacin, A. & Kibla-Lartec, J. (2004). Kasanayan sa pagsulat, Sining ng Mabisang Komunikasyon (p. 172). Pantoc, Meycauayan, Bulacan: Trinitas Publishing. Wikipedia., (2015). Ang pagsulat ay isang paglalarawan ng wika sa tekstuwal na tagapamagitan ng paggamit ng isang pangkat ng mga tanda o sagisag (kilala bilang sistema ng pagsusulat).

[16] https://tl.wikipedia.org/wiki/Pagsusulat.

[17] Acar Bryant C. (2017) The implementation of the 11th Grade Senior High School Program Academic Track in Science Technology Education Center (STEC): An Action Plan. International Journal of Innovation and Research in Educational Sciences Volume 4, Issue 4, ISSN (Online): 2349–5219

[18] Imee C. Acosta at Alexader S. Acosta (2016) The teachers' Perception on Senior High School Readiness of Higher Education Institutions in the Philippines. Universal Journal of Educational Research 4(10): 2435-2450,2016. DOI:10.13189/ujer.2016.041024 @ http://www.hrpub.org

[19] Amparo et al. (2017). Reporma ng Pilipinas sa edukasyon: Pagbusisi sa pagsulong ng K-12 matapos ang limang taon https://www.facebook.com/notes/ang-pahayagang-plaridel/reporma-ng-pilipinas-sa-edukasyon-pagbusisi-sa-pagsulong-ng-k-12-matapos-ang-lim/1523942387641726/

[20] Bellin, Marissa.(2015) . Social Acceptability of K-12 Program as Perceived by Selected Parents And Teachers vin San Juan Sunmulong Elementary School, Antipolo City

[21] Bebeclare. (2012). Kalidad ng Edukasyon http://www.rang.ong/pubs/monograph/M6880. noong Disyembre 12,2017,

[22] Bernobasa, Jennillyn , (2013). http://www.slideshare.net/yethan/thesis-24524096

[23] Bruza. (2014). The Modern Teacher: An Option Of K-12 Program mula sa www.academia.com, noong Abril 18,2018

[24] Jamicemelba (.2011).Kagawaran ng Edukasyon.mula sawww.gov.ph/k-12, noong Oktubre 13,2017

[25] Luistro (2011) DepEd, (2011). Communications Unit, Living News and Good Education Jun 1–15,2009 issue, p4

[26] Mohammad, Nhelbourne K. (2016) The Perception Of the Parents and Students on the Implementation of K-12 Basic Education Program in the Philippines.

[27] Mullet, Valentina.2012.2011. The modern teacher: An opinion on the K to 12 program( Vol.61).Manila:Publishers Association of the Philippines,Inc.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved